

Ang Bay Delta Conservation Plan/Draft ng Environmental Impact Report para sa California WaterFix na Bahagyang Pinalaganap Muli/Karagdagang Draft ng Environmental Impact Statement (RDEIR/SDEIS) ay gagawing available sa publiko sa Hulyo 10, 2015-Agosto 31, 2015 para suriin at komentuhan¹. Makukuha ang RDEIR/SDEIS sa Department of Water Resources, 3500 Industrial Blvd., Room 117, West Sacramento, CA 95691 at sa Bureau of Reclamation, MP100, 2800 Cottage Way, Sacramento, CA 95825, sa website ng proyekto sa www.BayDeltaConservationPlan.com at sa lahat ng aklatan sa buong estado. Pumunta sa www.BayDeltaConservationPlan.com upang maghanap ng lokasyon na malapit sa iyo. Makakakuha ng mga elektronikong kopya ng mga dokumentong binanggit sa RDEIR/SDEIS sa DWR Office sa 3500 Industrial Blvd., Room 117, West Sacramento, CA 95691.

PAANO GUMAWA NG MABISANG MGA KOMENTO

Isasaalang-alang ang mga natanggap na komento sa RDEIR/SDEIS sa Panghuling EIR/EIS² at proseso ng paggawa ng desisyon. Maaaring gustuhing isaalang-alang ng mga magkokomento ang mga sumusunod na alituntunin kapag nagbibigay ng mga komento:

- Nakatuon mismo sa RDEIR/SDEIS ang mga pinaka-mabisang komento at hindi dapat magbigay ng mga komento sa anumang mga isyu na hindi direktang kasama sa RDEIR/SDEIS, kasama ang mga bahagi ng Draft ng EIR/EIS na hindi pinalaganap muli upang suriin.
- Dapat matukoy ng mga komento ang partikular na bahagi ng RDEIR/SDEIS na mayroong isyu at dapat may kasamang sumusuportang katunayan at mga katotohanan.
- Dapat magbigay ng kumpletong mga sanggunian at/o mga puna ang magkokomento, lalo na kapag tumutukoy sa mga website (iyon ay, magbigay ng partikular na URL address sa halip na banggitin lang ang "DWR website," halimbawa).

MGA PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG

Inaanyayahan kang dumalo sa isang pampublikong open house meeting upang malaman pa ang tungkol sa RDEIR/SDEIS at magsumite ng mga komento.

SACRAMENTO

Martes, Hulyo 28, 2015, 3:00 – 7:00 p.m.
Sheraton Grand Sacramento Hotel, Magnolia Room
1230 J Street, Sacramento, CA 95814

WALNUT GROVE

Miyerkules, Hulyo 29, 2015, 3:00 – 7:00 p.m.
Jean Harvie Senior and Community Center
14273 River Road, Walnut Grove, CA 95690

Ang mga pampublikong pagpupulong ay nasa isang open house na ayos. Hindi magkakaroon ng anumang pormal na mga presentasyon o panel upang tumanggap ng mga komento ng publiko. Magkakaroon ng mga pagtatanghal para sa impormasyon at mga miyembro ng koponan ng proyekto sa buong pagpupulong para sa one-on-one na mga talakayan at magbibigay ng papel para mag-sign up para sa mga nais magbigay ng mga berbal na komento sa isang taga-ulat sa hukuman. Ang mga nagnanais magbigay ng mga berbal na komento ay magkakaroon ng tatlong minutong limitasyon para makapagbigay rin ng mga berbal na komento ang iba. Maaaring magsumite ng mga nakasulat na komento gaano man kahaba. Upang makakuha ng ganap na paglahok, hindi pinahihintulutan ang pagre-record ng video.

For more information, assistance in locating the documents or if you have special needs, contact 1-866-924-9955.

Para más información por favor llame al 1-866-924-9955

Để biết thêm thông tin, xin gọi số 1-866-924-9955

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 1-866-924-9955

如欲瞭解更多資訊，請致電 1-866-924-9955

Kom tau lus qhia ntxiv, thov hu 1-866-924-9955

សំរាប់ព័ត៌មានបន្ថែមសូមទូរស័ព្ទ 1-866-924-9955

¹Ginagawang available ang RDEIR/SDEIS para suriin ng publiko alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA) at ng National Environmental Policy Act (NEPA). Matatapos ang panahon ng pagkokomento nang 45 araw pagkatapos ng paglalathala ng abiso ng Federal Register ng Environmental Protection Agency (EPA). Walang ginawang mga panghuling desisyon hinggil sa pagsulong sa iminumungkahing proyekto o sa pagpili ng alternatibo; mangyayari lang ang mga desisyon na iyon pagkatapos makumpleto ang mga proseso ng CEQA at NEPA.

²Isasaalang-alang ng Panghuling EIR/EIS ang mga tunay na komento na natanggap sa mga panahon ng pagsusuri ng publiko para sa Draft ng EIR/EIS (Disyembre 13, 2013 hanggang Hulyo 29, 2014) at ang RDEIR/SDEIS (Hulyo 10, 2015 hanggang sa Agosto 31, 2015).

MGA MAIKLING KATOTOHANAN

DRAFT NG PAGESUSURI UKOL SA KAPALIGIRAN NA BAHAGYANG PINALAGANAP MULI

Ang panahon para sa
pagkokomento ay mula
Hulyo 10, 2015 - Agosto 31, 2015

Dapat matanggap ang mga komento
nang elektronikong o sa pamamagitan ng
sulat sa o bago ang Agosto 31, 2015

PAANO MAGKOKOMENTO



Ipadala sa sulat sa:

BDCP/WaterFix Comments
P.O. Box 1919
Sacramento, CA 95812



I-email sa:

BDCPComments@icfi.com

**Nang personal sa
isang pampublikong
pagpupulong
(tingnan sa ibaba)**

Simula noong 2006, ipinagpatuloy ng mga ahensiya ng estado at pederal ang isang may adhikain at komprehensibong plano ng pagpapanatili sa ilalim ng Seksyon 10 ng Endangered Species Act na nilalayong gawing ligtas ang mga suplay ng tubig at ibalik ang Sacramento-San Joaquin Delta habitat sa isang package para sa pagkontrol. Bilang bahagi ng pagsusumikap na iyon, kumuha ng mga komento ng publiko nang hanggang Hulyo 2014 sa isang draft ng plano at dokumento ng pagsusuri ukol sa kapaligiran. Gumawa ng masusing pagsusuri ng mga komento ng publiko at muling pagsusuri ng mga pagpapalagay sa proyekto pagkatapos ng Hulyo 2014. Gumawa ng walong taong siyentipikong pagtatanong at malawakang paggawa ng modelo ang pagsusuri. Ang binagong mungkahi ay kumakatawan sa maingat, makatotohanan, kinokontrol ng agham at makakamit na pamamaraan upang matugunan ang pagiging maaasahan ng suplay ng tubig at proteksyon ng tirahan.

Ang California Department of Water Resources (DWR) at U.S. Bureau of Reclamation (Reclamation), bilang mga nangungunang ahensiya ng estado at pederal sa ilalim ng California Environmental Quality Act (CEQA) at National Environmental Policy Act (NEPA), ay nagbigay ng isang magkasamang Draft ng Environmental Impact Report/Karagdagang Draft ng Environmental Impact Statement (RDEIR/SDEIS) para sa iminumungkahing Bay Delta Conservation Plan (BDCP)/California WaterFix.

Ang mga pangunahing layunin ng RDEIR/SDEIS ay magbigay sa mga pampubliko at interesadong ahensiya ng na-update na pagsusuri ukol sa kapaligiran upang matugunan ang ilang mga rebisyon sa Draft ng BDCP, upang magpakilala ng mga bagong kasamang alternatibo (Alternatibo 4A, 2D, at 5A), at upang matugunan ang ilang mga isyung sinabi sa mga komento sa Draft ng EIR/EIS.

IMINUMUNGKAHING PROYECTO: ALTERNATIBO 4A (CALIFORNIA WATER FIX)

Binuo ang Alternatibo 4A (California WaterFix) bilang ang bagong Mas Gugustuhing Alternatibo ng CEQA at NEPA, na papalit sa Alternatibo 4 (ang iminumungkahing BDCP). Kasama sa Alternatibo 4A ang mga pasilidad sa paghahatid na iminumungkahi sa ilalim ng Alternatibo 4 at ang mga hakbang na iyon sa pagbawas sa mga epekto at mga pangakong pangkapaligiran na kinakailangan upang makuha ang mga kinakailangang permiso at awtorisasyon para sa pagpapatupad sa ilalim ng Seksyon 7 ng pederal na Endangered Species Act at sa pamamagitan ng 2081(b) na proseso ng California Department of Fish and Wildlife. Nakakamit ng Alternatibo 4A (California WaterFix) ang mga kaparehong layunin sa pamamagitan ng:



Gawing ligtas ang mga suplay ng tubig mula sa pagbabago ng klima at panganib sa paglindol o paggalaw ng lupa



Pagpapahusay sa mga pagpapatakbo at mga pamantayan sa kapaligiran upang makinabang ang mga uri ng isda

Makakakuha ng higit pang impormasyon sa Alternatibo 4A, California WaterFix sa online sa: www.californiawaterfix.com.


ANO ANG NAGBAGO SIMULA SA 2013 BDCP DRAFT NG EIR/EIS?

- ▶ **Nagdisenyo ng mga pagbabago sa Alternatibo 4 (inilapat din sa mga bagong kasamang alternatibo)** upang bawasan ang epekto sa mga komunidad ng Delta, bawasan ang mga panggugulo o pagbabago ng lokasyon sa mas maraming tagak (sandhill crane), at pinahusay ang pangmatagalang pagiging maaasahan at pagpapatakbo ng mga pasilidad para sa paghahatid.
- ▶ **Pagpapakilala ng tatlong bagong kasamang alternatibo**, kasama ang Alternatibo 4A (California WaterFix) bilang bagong mas gugustuhing alternatibo. Dinisenyo ang Alternatibo 4A, 2D, at 5A upang bawasan ang mga epekto sa kapaligiran, tugunan ang mungkahi ng publiko at ahensiya, at maghanap ng maraming pamamaraan para sa pagkontrol.
- ▶ **Kasama sa na-update na pagsusuri ukol sa kapaligiran** ang:
 - Tirahan ng Isda at Mga Hayop sa Tubig – may kasamang karagdagang mga makatwirang paliwanag para sa mga konklusyon hinggil sa epekto at mga paraan para sa pagtukoy ng mga epekto. Mga rebisyon na magsilbi upang mas malinaw na maipahayag ang pagsusuri.
 - Kalidad ng Tubig – inilalarawan ang mga karagdagang pagsusuri at mga update sa paggawa ng modelo na ginawa upang makilala nang mas tama ang posibilidad na malampasan ang mga pamantayan ng kalidad ng tubig. Ang mga kasamang bahagi na nakatanggap ng pinakamaraming update ay ang kakayahang gumawa ng kuryente, chloride, selenium, bromide, at *Microcystis (uri ng bakterya)*. Nagresulta ang karagdagang pagsusuri sa nabawasang maraming epekto sa kalidad ng tubig na naging kaunti.
 - Mga Epekto sa Ibabang Bahagi ng Pag-agos ng Delta – may kasamang pagtatasa ng kalidad ng tubig at mga mapagkukunan ng isda at mga hayop sa tubig sa San Francisco Bay.
 - Kalidad ng Hangin, Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan, Trapiko at Ingay – may kasamang pinakabagong mga pagbabago sa engineering design, paggawa ng mga pagpapalagay, mga pamantayan sa pagganap at mga modelo para sa kalidad ng hangin para suriin ang epekto.
 - Geotechnical (ukol sa paggawa ng pundasyon sa lupa) na Mga Imbestigasyon – nagbibigay ng isang paliwanag tungkol sa paraan ng pagsasama ng mga pagsusuri ng mga geotechnical na imbestigasyon sa pagsusuri ng paggawa ng mga pasilidad para sa paghahatid ng tubig.
 - Pagsasama ng Mga Karagdagang Pagtukoy ng NEPA – may kasamang mga pagtukoy ng NEPA sa mga konklusyon na itinuring dati na “Hindi Natukoy.”

MGA ALTERNATIBO NG RDEIR/SDEIS

Dinisenyo ang mga alternatibo ng RDEIR/SDEIS upang tiyakin ang probisyon ng makatwirang hanay ng mga alternatibo kung saan ihahambing at susuriin ang iminumungkahing proyekto, Alternatibo 4A (California WaterFix), at ganap na masiyasat ang maraming pamamaraan sa pagkontrol.

Alternatibo	Pinakamataas na Mga Dibersiyon ng North Delta	Mga Pagkukunan	Pamamaraan ng Pagkontrol
4 Binagong Tubo/Lagusan	9,000 cfs	2, 3 at 5	Seksyon 10 (HCP)/ NCCPA (NCCP)
2D Binagong Tubo/Lagusan	15,000 cfs	1-5	Seksyon 7/ 2081(b) na permiso
4A Binagong Tubo/Tunnel	9,000 cfs	2, 3 at 5	Section 7/ 2081(b) na permiso
5A Binagong Tubo/Lagusan	3,000 cfs	2	Seksyon 7/ 2081(b) na permiso



Mahigit sa 30,000 ektarya ng pagbabalik ng tirahan sa Delta ang makakahiwalay na magaganap sa buong California EcoRestore.

Ang mga aktibidad na ito ay pahuhusayin at ipapatupad sa isang mas mabilis na takdang panahon nang hindi umaasa sa iminumungkahing mga pasilidad para sa paghahatid ng tubig, na may kasamang pagpapalano at pagpoondo para sa karagdagang mga hakbang ng pagbabalik ng tirahan sa nalalapit na hinaharap. Alamin pa ang tungkol sa California EcoRestore sa:

<http://resources.ca.gov/ecorestore/>

MGA LAYUNIN NG RDEIR/SDEIS ENVIRONMENTAL ANALYSIS



BUMUO NG MGA MAKATWIRANG ALTERNATIBO

upang matugunan ang mga layunin ng proyekto at iwasan o bawasan ang mga epekto



SURIIN

ang mga epekto sa kapaligiran



BUMUO NG MGA HAKBANG SA PAGBAWAS SA MGA EPEKTO

upang bawasan o iwasan ang mga epekto



MAGHANDA NG IMPORMASYON

para suriin at komentuhan ng publiko at mamumuhunan (stakeholder)



SABIHIN

ang mga epekto ng proyekto at mga pagbawas sa epekto